
PARA SA : **Lahat ng kasapi at kawani ng CARD MRI Operations (CARD Inc., CARD Bank, CARD SME, CARD RBI), Microinsurance Supervisors at Coordinators**

MULA SA : CPMI Officer-in-Charge
CaMIA President

PETSA : September 15, 2022

TUNGKOL SA : **Nationwide Roll-out ng ProteKITA “Business Interruption Program”**

MEMO REF. NO : **CPMI-SALES-2022-10**

Magandang araw!

Kaugnay sa naunang ipinalabas na CPMI Sales Memo 2021-02 noong November 01, 2021 kung saan ipinabatid ng pamunuan ng CaMIA at CPMI ang paglulunsad ng bagong produkto na **ProteKITA**. Bilang paalala, malugod na ipinabatid ng pamunuan na ang **Nationwide Roll-out ng ProteKITA sa lahat ng Provincial Offices ay nag simula pa noong Abril 01, 2022**.

Narito ang mga mahahalagang impormasyon at probisyon sa ilalim ng ProteKITA.

1. Ano ang ProteKITA?

- Ito ay isang **“Business Interruption Program”** para sa mga miyembro ng CARD na mayroong Negosyo o Tindahan. Ito ay naglalayon na maseguro ang pagkatigil ng kanilang negosyo kung sakaling nasira ang istraktura ng kanilang Tindahan. Sa segurong ito, ang **“Kita ay Protektado”** at ang kani-kanilang mga **“Negosyo ay Sigurado”**.

2. Sino-sino ang mga pwedeng makabili at masakop ng ProteKITA?

- Lahat ng CARD Members na may edad 18-64 y/o at hanggang 69 y/o naman para sa Renewal. Sakop nito ang lahat ng negosyo sa ilalim ng SME o Small Medium Enterprise at iba pang mga legal na **negosyo na may permanenteng pundasyon** katulad ng sari-sari stores, canteen, meat shop, tailor shop at iba pa.

Paalala: Hindi covered ang laman o paninda ng negosyo. Ibig sabihin, istraktura o pundasyon lamang ang covered dito. Ang pundasyon ay dapat matibay at permanente na gawa sa light at/o concrete na materyales.

3. Paano ang paraan ng pagbili ng ProteKITA?

- Ang ProteKITA ay maaaring bilhin ng mga kasapi sa pamamagitan ng **cash o loan payment**. Ang enrollment ay maaaring isagawa sa mga sumusunod na tanggapan : Center, Unit, Branch Lite Unit (BLU), CPMI Offices o sino man sa Micorinsurance Coordinators ng Unit.

4. Magkano ang premium at anu-ano ang benepisyong maaring matanggap sa ilalim ng ProteKITA?

A. Talaan ng premium at benepisyo.

ProteKITA (Business Interruption Program)	Premium at Benepisyo
Personal Accident	Php 100,000.00*
Fire Benefit	Php 50,000.00*
Business Interruption Benefit (Bagyo, Baha, Lindol)	Php 5,000.00*
Premium	Php 1,450.00 / per year

*Maximum Benefit

Tandaan: Para sa Fire at Business Interruption Benefit, babayaran lamang ang nakaseguro ayon sa porsyento (%) ng pagkakasira ng istraktura o pundasyon ng negosyo. Ngunit kailangan tandaan sa Business Interruption Benefit na ang negosyo ay dapat nahinto ang operasyon ng at-least 24-hours dulot ng kalamidad bago ito masakop ng benepisyo.

B. Claims Validation Tool:

Fire Benefit – Validation Matrix

Table

Part of the Store	Percentage
Walls	10% each
Roof	25% each side
Floor	10%
TOTAL	100%
Claim = Benefit Amount * Total %	

Business Interruption Benefit – Tiering

Percentage Damage	Amount Payout
At least 10%	P 500
11% to 25%	P 1,250
26% to 50%	P 2,500
51% to 75%	P 3,750
76% to 100%	P 5,000

5. Kailangan ba ng business permit para maqualify sa ProteKITA?

- Hindi na kinakailangan ng business permit para maqualify sa ProteKITA. Ang mababayaran dito ay kung sino ang nakalagay sa POC ng Protekita gayundin ang exact na address na idineklara sa ating Proof of Cover.

6. Maaari bang mag-avail ng ProteKITA kung ang miyembro ay nagre-rent lamang ng pwesto o tindahan?

- Oo, siguraduhin lamang na kumpleto at tama ang impormasyon na nakadeklara sa POC (Pangalan ng Nakaseguro at Address ng Negosyo o Tindahan).

7. Pasok ba sa klasipikasyon ng MSMEs under ProteKITA ang mga Negosyo o Tindahan tulad ng Hardware, Footwear, Salon o Parlor at Computer Shop?

- Oo, lahat ng Negosyo o Tindahan under MSMEs na may permanenteng pundasyon ay pasok sa ProteKITA maliban sa mga tinatawag na “High Risk” Business na tulad ng Vulcanizing Shop, Welding Shop, Talyer, Tindahan ng Gasul, Bakery (purely pagawaan ng tinapay) at iba pa.

8. Maaari bang maka-avail ng ProteKITA kung naka-attached sa Bahay ang Negosyo o Tindahan?

- Oo, maaari silang maka-avail ng ProteKITA, siguraduhin lamang na ang kanilang Negosyo o Tindahan na naka-attached sa Bahay ay mayroong permanenteng pundasyon.

9. Ang mga business establishment at mga stall sa palengke na mahigit sa isa o dalawa na magkakadikit na negosyo o tindahan ay maaari bang ma-insured sa ProteKITA ?

- Oo, maaari. Muli, siguruhin na kumpleto at tama ang address ng negosyo sa POC kasama ang Stall Number kung ang Negosyo ay nasa Palengke o naghahati sa isang Istruktura ang dalawa o higit pang Negosyo. **Tandaan** na dapat may permanenteng pundasyon at klaradong dibisyon.

10. Paano kung ang Insured ay naaksidente at nasunogan ng bahay at tindahan, at siya ay mayroong ProteKITA, Sagip at Negosure, mako-consider ba ang tatlong polisiya sa pag-claim o isa lamang ang maaaring magamit at mabayaran?

- Maaari niyang matanggap ang mga benepisyo mula sa tatlong polisiya dahil ito ay assistance lamang.

11. May waiting period ba ang ProteKITA bago masakop ang “Business Interruption Benefit” kung ang dahilan ng pagkasira ay mula sa typhoon o bagyo?

- Oo, katulad ng Sagip, meron din 30 days waiting period ang ProteKITA.

12. Paano kung may SAGIP Plan at ProteKITA ang miyembro at masunog o masira ng kalamidad ang Bahay kasama ang Negosyo o Tindahan nito? Paano ang pagba-validate

A. Para sa SAGIP Plan, gamit ang Validation Matrix, i-assess ang sira ng buong Bahay kasama ang Negosyo o Tindahan.

B. Scenario 1. Para sa ProteKITA, kung nasa loob ng mismong Bahay ang Negosyo o Tindahan at walang sariling dibisyon o walls ang negosyo. Gamit ang Validation Matrix at Tiering Table, i-assess ang sira ng buong Bahay kasama ang Negosyo o Tindahan.

Scenario 2. Para sa ProteKITA, kung may separate na istruktura ang Negosyo o Tindahan o kahit nasa loob ng bahay basta may sariling apat na walls. Gamit ang Validation Matrix at Tiering Table, i-assess ang sira sa istruktura ng Negosyo o Tindahan.

Tandaan: Kailangan ay kasama sa nasira ang parte ng Negosyo o Tindahan

13. Paano ang pag-compute ng 24 hours na pagkakahinto ng Negosyo?

Halimbawa:

Araw at Oras ng Operasyon ng Negosyo ayon sa POC: Mon-Sun, 7am–7pm

Dahil sa bagyo na nagdulot ng pagkasira ng istruktura ng Negosyo o Tindahan, kinakailangang magsara ng Negosyo 11am ng Lunes.

- Makakapag-claim ang Nakaseguro kung ang pagsasara ng Negosyo o Tindahan ay hanggang kinabukasan Martes ng 11am at kung nagbukas ang Negosyo o Tindahan matapos ang 11am.

- Kung nagbukas naman ang Negosyo o Tindahan bago ang 11am, hindi makakapag-claim sa Business Interruption.

Tandaan para sa Business Interruption Program


- i. Kailangang hindi bababa sa 24-oras ang pagkahinto ng Negosyo.
- ii. May sira sa istraktura ng Negosyo o Tindahan.

Para sa iba pang mga katanungan o paglilinaw ukol dito mangyaring makipag-ugnayan lamang sa pamunuan ng CaMIA at CPMI.

Maraming salamat sa inyong walang sawang suporta!




MELINDA GRACE M. LABAO
Officer-in-Charge, CPMI



VENER S. ABELLERA
President, CaMIA

Noted by:



ARISTEO A. DEQUITO
CARD MRI Managing Director